



Paksa: **Coronavirus Aid, Relief, and Economic Security Act (“CARES Act”)**

Minamahal na Associate:

Sa pakikipag-ugnayan naming ito, sana ay nasa mabuti kang kalusugan pati na ang iyong pamilya. Pakitingnan sa ibaba ang ilang impormasyon tungkol sa mga karagdagang benepisyo para sa walang trabaho at rebate sa buwis na maaaring kwalipikado ka sa ilalim ng bagong batas na tinatawag na Coronavirus Aid, Relief, and Economic Security Act (“CARES Act”). Mangyaring tingnan sa ibaba ang buod ng mga seksyon ng CARES Act na maaaring mahalaga sa iyo:

Mga Benepisyo para sa Walang Trabaho

- Bilang karagdagan sa kompensasyon na mga benepisyo sa kawalan ng trabaho na tatanggapin mo mula sa iyong estado, magbibigay ang CARES Act ng karagdagang \$600 bawat linggo nang hanggang apat na buwan (matatapos ang karagdagang bayad sa Hulyo 31, 2020). Awtomatiko kang tatanggap ng karagdagang \$600 bawat linggo kung kwalipikado ka para sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho sa ilalim ng mga batas ng estado sa kawalan ng trabaho.
- Pinahaba ang mga benepisyo sa kawalan ng trabaho sa karagdagang 13 linggo hanggang sa maximum na 39 na linggo. Halimbawa, kung nagbibigay ang iyong estado ng mga benepisyo sa kawalan ng trabaho sa loob ng 24 na linggo, kwalipikado ka na ngayon nang hanggang 37 linggo para sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho.
- Hindi ipatutupad ang isang linggong paghihintay na kinakailangan ng mga batas ng ilang estado sa kawalan ng trab.
- Para sa higit pang impormasyon, kontakin ang ahensya ng iyong estado para sa kawalan ng trabaho.

Mga Rebate sa Buwis ng Indibidwal

- Magiging kwalipikado ang mga residente ng U.S. para sa: (1) isang beses na rebate sa buwis na hanggang \$1,200, kahit na mas kaunti ang makukuha ng ilan kung ang taunang kita nila ay mahigit \$75,000 (\$150,000 kung may asawa; \$112,500 kung nagpa-file bilang ulo ng sambahayan); at (2) karagdagang \$500 para sa bawat anak edad 16 at mas bata. Titingnan ng gobyerno ang iyong tax return sa 2019 o tax return sa 2018 kung hindi mo na-file ang iyong tax return sa 2019 upang matukoy ang iyong pagiging kwalipikado para sa rebate sa buwis.
- Kung may impormasyon na ng iyong account sa bangko ang Internal Revenue Service (I.R.S.), ipapadala ang pera sa iyo sa pamamagitan ng direktang pagdeposito. Kung hindi, tatanggap ka ng tseke sa mail.
- Para sa higit pang impormasyon tungkol sa rebate sa buwis, pakibisita ang: <https://www.irs.gov/coronavirus>.

Mga Plan sa Pagreretiro sa Trabaho

- Maaari kang mag-withdraw nang hanggang \$100,000 mula sa iyong 401(K) o iba pang plan sa pagreretiro sa trabaho sa 2020 nang hindi kinakailangang magbayad ng 10% multa hangga't ang pag-withdraw ay dahil sa COVID-19, hal., ikaw, isang asawa o dependent na nagpositibo sa COVID-19, o nakaranas ka ng mga negatibong kinahinatnan sa ekonomiya may kaugnayan sa COVID-19.
- Maaari mong hulugan ang mga buwis sa kita na utang mo sa pag-withdraw sa loob ng tatlong taon.
- Para sa mga associate sa 401(K) plan ng HMSHost, maaari ninyong kontakin ang Fidelity para sa higit pang impormasyon sa Fidelity Investments sa 800-835-5095 o sa www.netbenefits.com.